REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 94-163

KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA KGG. GREGORIO VIGILAR, KALIHIM MH KAGAWARAN NG PAGAWAING BAYAN AT LANSANGAN (DPWH) NA MAGLAAN NG KAUKULANG PONDO PARA SA BINABALAK NA GAWING KALSADA ANG BAHAGING SILANGAN NG ILOG SA PAGITAN NG BARANGAY BULI AT BARANGAY CUPANG.

*************************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Alejandro L. Martinez
Kgg. Lucio B. Constantino
Kgg. Dante S. Almario

*************************************************************

SAPAGKAT, sa kasalukuyan ang barangay hall, health center at plasa ng Buli ay wala pang masasabing sarili, maayos at maluwang na kalsada na maaaring maging daan ng mga tao na nagnanais na pumunta dito tulad ng mga kabataan na nais maglaro sa nasabing plasa at ng mga mamamayan na nangangailangan ng paglilingkod ng pamahalaang barangay at ng health center;

SAPAGKAT, maraming mga naninirahan sa tabing dagat kasama na ang mga mangingisda ang hindi malaman kung saan nila maaaring maayos na maidaan ang kanilang mga dala-dalahan sanhi sa kawalan ng maluwag na daan;

SAPAGKAT, magsisilbing pondohan din ng mga mangingisda ang kalsadang gagawin na magbibigay daan sa programang pangkabuhayan (livelihood program) ng mga taga-rito;

SAPAGKAT, ang kalsadang gagawin ay magbibigay katuparan sa pagtatayo ng isang maayos, malinis at maluwag na pamilihang barangay (talipapa) sa isang bahagi ng plasa;

SAPAGKAT, kulang ang pondo ng ating lokal na pamahalaan para sa ganitong pagawaing bayan;

SAPAGKAT, mayroong malaking pondong inilaan ang pamahalaang nasyonal sa ganitong mga pagawain, at lagi itong handang sumuporta sa mga proyektong serbisyo-panlipunan sa ikagagaling ng mga mamamayan;

NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na hilingin sa Kgg. Gregorio Vigilar, Kalihim ng Kagawan ng Pagawaing Bayan at Lansangan (DPWH) na maglaan ng kaukulang pondo para sa binabalak na gawing kalsada ang bahaging silangan ng ilog sa pagitan ng Barangay Buli at Barangay Cupang.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



PINAGPASIYAHAN NG HIGIT NA NAKARARAMING kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang **ika-97th Regular na Pulong** na idinaos ngayong **ika-15 ng Agosto, 1994** sa Silid Pulungan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATUTUNAYAN :

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

(Di Lumahok)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

(Liban)
KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

(Liban)
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo Samahan ng mga
Punongbarangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOSJR
Kinatawan ng Sektor
Tagapangulo, Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pamabayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan